Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-06 NG HULYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | Kasangguni |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |

---

KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 46-2020

**ISANG KAUTUSAN NA NAGTATADHANA SA PAGTATATAG NG PANGLUNGSOD NA KONSEHO LABAN SA STI-HIV-AIDS, PAGBALANGKAS NG MGA GAMPANIN NITO, PAGBABAWAL SA ANUMANG URI NG DISKRIMINASYON SA MGA STI-HIV-AIDS POSITIVE, PAGPAPATAW NG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO, PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO PARA RITO AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN.**

PANGUNAHING MAY AKDA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** ang Acquired Immune Deficiency Syndrome (AIDS) ay isang uri ng kalagayan (konsdisyon) na wala pang gamut na pangontra. Ang goal no. 6 ng United Nations Millenium Development Goal (MDB) ay kabilang ang nasabing kalagayan na kinakailangang mapigilan ang paglaganap sa taong 2015 gayundin sa Sustainable Development Goal (SDG);

**SAPAGKAT,** batay sa ulat ng Kagawaran ng Kalusugan, dumarami ang insidenteng mayroong AIDS. Ang datos ay nakaka-alarma at kinakailangang tugunan upang mapigilan ang pagdami ng mayroong kondisyong tulad nito at batay sa datos ng lungsod mula 1984 hanggang sa kasalukuyan ay nakapagtala ng 262 kaso nito;

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Artikulo 11, Seksyon 15 ng ating Saligang Batas na tungkulin ng estado na isulong ang karapatan sa kalusugan ng mamamayan at ikintal sa kanilang kamalayan ang kahalagahan ng kalusugan;

HON. PATRICK S. DELA CRUZ
CITY COUNCILOR

HON. DIONISIO C. MENDOZA
CITY COUNCILOR

HON. MIGUEL CARLOS B. SOTO
CITY COUNCILOR

HON. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
CITY COUNCILOR

HON. EDGARDO F. DOMINGO
CITY COUNCILOR

HON. EMMANUEL R. SACAY
CITY COUNCILOR

HON. DENNIS D. SAN DIEGO
CITY COUNCILOR

HON. NOEL G. PINEDA
CITY VICE MAYOR

HON. FRANCISCO J. CASTRO
CITY COUNCILOR

HON. NINO CARLO C. BAUTISTA
CITY COUNCILOR

HON. KIRK LOUIS NICOLAS
CITY COUNCILOR

HON. MICHAEL M. AQUINO
CITY COUNCILOR

HON. ENRICO C. CAPULE
CITY COUNCILOR

**SAPAGKAT**, batay sa Republic Act. 8504 na sinusugan ng Republic Act No. 11166, mas kilala sa taguring Philippine AIDS Prevention and Control Act of 1998 na tungkulin ng estado na isulong at ipaalam sa publiko ang kaalaman hinggil sa mga sanhi, mga pamamaraan ng pagsasalin, mga paraan ng pagpigil o' pag-kontrol sa HIV/AIDS sa pamamagitan ng malawakang kampanya na pang-buong bansa na nagtuturo at nagbibigay impormasyon ukol dito. Dagdag pa dito, sa Artikulo 23, Seksyon 23 ng nasabing batas na tungkulin ng bawat yunit ng pamahalaang lokal, sa pakikipag-ugnayan at pakikiisa sa kinauukulang ahensya ng pamahalaang nasyunal, mga non-government organization, mga taong may HIV/AIDS at yaong mga grupong mas malapit sa panganib na magkaroon ng impeksyon ng HIV ay nararapat magsagawa sa pamayanan ng HIV/AIDS prevention and care services;

**SAPAGKAT**, para mapigilan ang paglaganap ng impeksyon ng HIV-AIDS sa ating lokalidad ay kinakailangang magtatag ng isang entidad na magsasagawa ng mga polisiya at mamahala sa isang komprehensibo at malinaw na programa ukol sa pagpigil at pagkontrol nito. Kaya nararapat ang pagsasagawa ng isang kautusan hinggil dito;

DAHIL DITO, itinatadhana ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod, na may bisa ng Batas, ang mga sumusunod na:

**ALITUNTUNIN 1. - PAMAGAT** - Makikilala at kikilalanin ang Kautusang Panlungsod na ito bilang 'CITY ANTI STI-HIV-AIDS COUNCIL ORDINANCE'.

**ALITUNTUNIN 2. - SAKOP** - Ang Kautusang ito ay magtataguyod sa interes pangkalusugan ng mga taong may impeksyon ng STI/HIV/AIDS at gayundin ang masupil ang paglaganap nito sa teritoryong hurisdiksyunal ng Lungsod ng Malolos.

**ALITUNTUNIN 3. - KAHULUGAN NG MGA SALITA** - Ang kahulugan ng mga salita na ginagamit sa Kautusang ito ay ang mga sumusunod na:

a) **Acquired Immune Defeciency Syndrome** - ito ay patungkol sa isang kondisyon na kinakitaan ng sintomas, sanhi ng HIV na ikinahawa ng isang indibidwal sa ibang indibidwal na nagpapahina sa immune system, na naglalapit sa panganib sa pagkakaroon ng mga sakit na makapagdulot ng kamatayan;

b) **Human Immunodeficiency Virus (HIV)** - ito ay patungkol sa "Virus" na sanhi ng AIDS;

c) **Sexually Transmitted Infection (STI)** - anumang uri ng sakit na nagmula sa organism na nakukuha sa pagtatalik. Kabilang dito, ngunit hindi limitado ay ang HIV, syphilis, gonorrhea, chlamydia trachomatis, human papillomavirus, genital herpes, chancroid, genital mycoplasma infection, hepatitis B, trichomoniasis, enteric infections at ectoparasitic diseases.

**ALITUNTUNIN 4. - PAGTATAG NG PANLUNGSOD NA KONSEHO LABAN SA STI-HIV-AIDS** - Nililikha at itinatatag ang CITY ANTI STI-HIV-AIDS COUNCIL na may pangunahing gampanin na magbalangkas ng mga polisiya, proyekto at programa upang labanan ang pagkalat ng STI-HIV-AIDS sa lungsod.

**ALITUNTUNIN 5. - KOMPOSISYON NG KONSEHO** - Ang bumubuo ng CITY ANTI STI-HIV-AIDS COUNCIL, ay ang mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Chairman | : | City Mayor |
| Vice-Chairman | : | City Health Officer |
| Members | : | Chairman, Committee on Health (SP) |
| | | City Information Officer |
| | | City Social Welfare and Development Officer (CSWDO) |
| | | DILG - CLGOO |

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDUARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS A. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

SK Federation President
Business Permit and Licensing Division (BPLD) Officer
Seven (7) Rural Health Unit (RHU) Doctors
Philippine National Police - Malolos Police Station
Representative - Philippine Doctor's Assn. (Bulacan Chapter)
Philippine Red Cross Representative (Bulacan Chapter)
NGO - Youth Sector (itatalaga ng Punong Lungsod)
DepEd Superintendent (Malolos Schools Division)
City Tourism, Arts, Culture, Youth and Sports Division (CTACYS) Officer

**ALITUNTUNIN 10. - TUNGKULIN AT GAMPANIN NG KONSEHO** – Ang mga sumusunod ay ang mga tungkulin at gampanin ng konseho:

10.1 Magsagawa at magbalangkas ng mga polisiya at istratehiya upang labanan ang STI/AIDS/HIV at magpormula ng pang-mahabang termino (long-term), pang-medium na termino (medium term) at taunang (annual) plano ukol dito na sumasang-ayon sa mga tadhanain ng R.A. 8504 at R.A. 11166 sa AIDS MEDIUM TERM PLAN.

10.2 Mobilisahin at pagkaisahan ang lahat ng sektor na maaring makatulong sa ikatatagumpay ng mga proyektong may kaugnay sa PAGPIGIL NG NASABING IMPEKSYON.

10.3 I-monitor at suriin ang implementasyon ng mga lokal at nasyunal na proyektong isinagawa sa kalunsuran hinggil dito.

10.4 Magpanukala ng kaukulang akdang lehislatibo sa Sangguniang Panlungsod;

a. Magkaloob ng tulong medikal/pinansyal sa mga taong may STI/HIV/AIDS;
b. Makipag-ugnayan sa mga ahensya ng Pamahalaan tulad sa Department of Health (DOH), Department of Science and Technology (DOST) at sa iba pang may kinalaman sa pagsugpo nito;
c. Magsagawa ng mga programa at proyekto upang magbigay kaalaman sa mga mamamayan ukol sa STI/HIV/AIDS (Infomation Drive);
d. Iba pang gampanin na kinakailangan upang maging matagumpay at maisakatuparan ang layunin ng ordinansang ito.

10.5 Magsagawa ng iba pang gawain na naaayon sa itinakda ng batas at umiiral na polisiya, alituntunin at regulasyon.

**ALITUNTUNIN 11. - SECRETARIAT** – Inaatasan ang Tagapangulo ng Konseho na magtalaga ng tatayong "Secretariat" ng Konseho na may pangunahing gampaning magtala ng mga pagpupulong ng Konseho at iba pang tungkuling ia-atas ng Konseho.

**ALITUNTUNIN 12.** - Idinedeklara ang mga araw ng ika-01 ng Disyembre bilang City AIDS Prevention Day at ikatlong Linggo ng Mayo bilang Candle Lighting Memorial Day ng kada-taon sa Lungsod ng Malolos. At inaatasan ang CTACYSO na mapabilang ito sa mga pagdiriwang at kaakibat ng gampanin para dito.

**ALITUNTUNIN 13. - *Confidentiality*** - Inaatasan ang lahat ng tanggapan sa Pamahalaang Lungsod ng Malolos na igalang, at protektahan ang "right to confidentiality and privacy" ng lahat ng pasyente na may kinalaman sa STI, HIV, AIDS gayundin ay inaatasan ang City Health Office bilang siyang pangunahing "data banking" o talaimbakan (data bank) para dito, na sinupin at protektahan ang nasabing tala at walang sino man ang maaring makakuha ng impormasyon maliban na lamang sa mga alintuntuning paiiralin ng konseho, kalatas ng Hukuman o' ng Pamahalaang Nasyunal at ahensiya ng Pamahalaan.

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

**ALITUNTUNIN 14.** - Kaparusahan sa sinumang lalabag sa Alituntunin 13 ay papatawan gaya ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| a. Unang Paglabag | - | Tatlong Libong Piso (Php3,000.00); |
| b. Ikalawang Paglabag | - | Apat na Libong Piso (Php4,000.00); |
| c. Ikatlo at mga susunod na paglabag | - | Limang Libong Piso (Php5,000.00) at pagkakakulong na hindi bababa sa tatlumpung araw (30) sang-ayon sa diskresyon ng hukuman |

**ALITUNTUNIN 15. - PAGBABAWAL SA DISKREMINASYON** - Mahigpit na ipinagbabawal ng Kautusang ito ang lahat ng uri ng diskriminasyon sa pamamagitan ng gawa o' salita sa sinumang indibidwal na mayroong sakit na STI, HIV, AIDS at mga kahalintulad na mga gawa na makakapagpababa ng kanilang moral at dignidad bilang tao.

**ALITUNTUNIN 16.** - Kaparusahan sa sinumang lalabag sa Alituntunin 15 ay papatawan gaya ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| a. Unang Paglabag | - | Tatlong Libong Piso (Php3,000.00); |
| b. Ikalawang Paglabag | - | Apat na Libong Piso (Php4,000.00); |
| c. Ikatlo at mga susunod na paglabag | - | Limang Libong Piso (Php5,000.00) at pagkakakulong na hindi lalagpas sa anim na buwan sang-ayon sa diskresyon ng hukuman |

**ALITUNTUNIN 17.** - Inaatasan ang Tanggapan ng Panlungsod na Manananggol na sa loob ng animnapung araw (60 days) buhat ng pagtibayin ang Kautusang Panlungsod na ito ay makapagbalangkas ng isang Implementing Rules and Regulation (IRR) na isusumite sa Sangguniang Panlungsod.

**ALITUNTUNIN 18. - ONORARYUM NG KASAPIAN NG KONSEHO** – Ang Onoraryum (honorarium) ng bawat kasapi ng Konseho ay Isang Libong Piso (Php1,000.00) bawat pagdalo sa pulong.

**ALITUNTUNIN 19. - PAGPUPULONG** – Ang pagpupulong ng Konseho ay gagawin isang beses kada-buwan ayon sa pagtatakda ng bumubuo nito.

**ALITUNTUNIN 20. - ALOKASYON** – Itinatadhana ang paglalaan ng sapat na pondo para sa pagpapatupad ng Kautusang Panlungsod na ito.

**ALITUNTUNIN 21. - SUGNAY NA NAGPAPAWALANG SAYSAY** – Ang anumang Kautusang Bayan o' Panlungsod na umiiral at ipinatutupad, bago pa nilikha ang Kautusan na "sumasalungat o' di sumasang-ayon" dito ay ganap na pinawawalang-saysay sa sandaling ito ay ganap na mapagtibay.

**ALITUNTUNIN 22. - SUGNAY NA PAGHIHIWALAY** – Ang anumang bahagi o probisyon ng Kautusang Panlungsod na ito na maihayag na labag sa Saligang Batas o' anumang bahagi o' probisyon na hindi maaapektuhan ay mananatili at patuloy na iiral na may bisa ng batas.

**ALITUNTUNIN 23. - KABISAAN** – Ang Kautusang ito ay ganap na magkakaroon ng bisa pagkatapos pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatakda ng batas.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO G. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

| | |
|---|---|
| *KGG. FRANCISCO J. CASTRO<br>KASANGGUNI | KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA<br>KASANGGUNI |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS<br>KASANGGUNI | KGG. MICHAEL M. AQUINO<br>KASANGGUNI |
| KGG. ENRICO C. CAPULE<br>KASANGGUNI | KGG. DENNIS D. SAN DIEGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY<br>KASANGGUNI | KGG. EDGARDO F. DOMINGO<br>KASANGGUNI |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA<br>KASANGGUNI | KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO<br>KASANGGUNI |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA<br>KASANGGUNI - ABC President | KGG. PATRICK S. DELA CRUZ<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kautusang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**

______________
**Petsa ng Pagtitibay:**

**INH. GILBERT T. GATCHALIAN**
**Punong Lungsod**

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*07062020